(SARC) Tarhetang Ulat sa Pananagutan ng Paaralan

Inilathala sa Tagsibol 2011 para sa Paaralang Taong 2009–10

Mira Mesa High School

10510 Reagan Rd, San Diego, CA 92126-3275
Phone: (858) 566-2262
E-mail: *sgiusti@sandi.net*
Web: *www.miramesahigh.org*
Scott Giusti, Principal

Sa Isang Sulyap: 2009–10

Uri ng paaralan:	**Senior High**
Talakdaan:	**Traditional**
Antas ng baitang:	**9–12**
Kabuuang pumapasok:	**2637**
Kabuuang mga guro:	**113**
Gastos bawa't mag-aaral (08–09):	**$5,399**

Pagbubukod ng Pumapasok



Mga Pumapasok

Taon	Pumapasok sa Taon (%)
05–06	95.55
06–07	96.42
07–08	96.32
08–09	96.53
09–10	96.55

Mga Kasamahang Mangangalakal at Mamamayan

MMHS Foundation
Epicenter
Barnes & Noble
Mira Mesa Senior Center
Wells Fargo
Miramar College
U.S. Army
Union of Pan Asian Communities
California Coast Credit Union
Time Warner Cable

Ang aming paaralan ay tumatanaw ng pasasalamat sa napakalaking suportang tinatanggap mula sa aming mga kasamahan, magulang, at mga nagkukusang loob sa bayan.

Pahayag ng Punong-Guro

Ang Mira Mesa High School (MMSH) ay isang napakalwak na paaralang nagliling-kod sa bayan ng Mira Mesa mula noong 1976. Ang kabuuan ng mga mag-aaral ay naglalarawan ng bayan at kabilang ang isang magkakaibang nagsasamasamang lahi, kultura, wika, pinanggalingang kabuhayan, at paraan ng pag-aaral. Ang misyon ng paaralan ay ang mawili ang mga mag-aaral sa makahulugang mga karanasan, mai-handa sila sa kolehiyo, pangkabuhayan, at buhay bilang may pananagutan at maka-buluhang mamamayan. Ang mga kurso ay ibinabatay sa pagtasa, batay sa mga pamantayan, at puno ng mga aralin. Ang mga kurso para sa diploma ay tumutupad sa mga hinahanap sa pagpasok sa University of California (ang mga hinahanap na a–g). Upang tulungang matupad ng mga mag-aaral itong mga mataas na inaasahan, ang MMHS ay nag-aalok ng mga kursong higit na mabuti, may mga karangalan, at ang Advanced Placement (AP) gayundin ang Regional Occupational Program at mga klase sa kolehiyo. Nasisiyahan ang mga mag-aaral sa magkakaibang uri ng klase sa sining sa paningin at pagganap at ang isang hinahangaang koponang nakikipagpalig-sahang manlalaro. Higit na 100 samahan ang tuwinang nagtitipon. Ang paaralan ay binubuo ng tatlong gusali ng silid-aralan, isang palaruan na may silid ng wrestling at sayawan, isang gusali ng weight-training, 40 bunggalo, may damong palaruan, at isang estadyum na may bagong lagay na turf (plastic na damo) sinamahan ng go-mang takbuhan. Ang damuhan at mga punong-kahoy ay itinatampok ang paaralan sa loob ng isang liwasang bayan.

Ipinagmamayabang ng MMHS ang 98 kabahaginang hanay ng nagsisipagtapos na ang mag-aaral ang binibigyang-diin sa pagtuturo, nagtataguyod sa pagiging may pananagutang mag-aaral, at nagkakaloob ng mga programang pamagitan na tumutu-long sa magagawa ng mag-aaral. Sa nitong mga nagsisipagtapos, 91 na kabahaginan ay pumapasok sa kolehiyo at unibersidad. Nasisiyahan ang MMHS sa buong pag-kilala ng Western Association of Schools and Colleges (2010) at nakatanggap ng mga karangalan bilang isang California Distinguished School (1999) at isng National Blue Ribbon School of Excellence (2000).

Pagtuturo at Kurkulum

Ang San Diego Unified School District Board of Education ay hayagang pinagtibay ang mga pamantayan sa pag-aaral at ang banghay ng kurikulum na pinagtibay ng California State Board of Education sa lahat ng lawak ng aralin.

Ang MMHS ay nag-aalok ng malawak na kurikulum para sa paghahanda sa kolehiyo at pangkabuhayan para sa isang magkakaibang kapulungan ng mag-aaral. Ang ating mga mapagpipiliang mga klase ay may mga ganap na pamantayan, na tumutupad sa mga hinahanap sa pagpasok sa University of California. Gumagamit ang MMHS ng isang huwarang pagtuturo, nagkaroon ng mga aralin na nakatuon sa pagpasok sa trabaho, at bayang pagtuturong batay sa pagtulong sa pangangailangan ng mga mag-aaral na may natatanging kalagayan. Ang pangasiwaan at mga guro ay gumagamit ng talaang nagmumula sa California Standards Tests at ibang mga pag-tasa upang gumawa ng pagpapasiya sa kurikulum at pagtuturo. Itong talaan ay nabibigay-alam din sa pagbanghay ng dalubhasang paglinang para sa mga sangay at guro.

Mga Pagkakataon sa Pakikilahok ng Magulang

Ang mga magulang ay may maraming pagkakataong lumahok sa paaralan nga kanilang anak at sa distrito. Hinihikayat din namin ang mga magulang na suportahan ang kanilang mga anak sa bahay sa pagtulong sa kanilang mga inaasahan sa malinaw na pag-aaral at paggawa ng mabuting gawaing-bahay at kapaligiran sa pag-aaral.

Sa Mira Mesa High kami ay nakapangakong magkaroon ng mga pagkukunan sa bayan para sa ating paaralan at inaanyayahan ang lahat ng kasamahan na tulungan kami sa edukasiyon ng ating mga mag-aaral.

Ang mga magulang at kasaping mamamayan ay masiglang naglilingkod sa MMHS Foundation, Parent Teacher Student Association, School Site Council, Business Partnership Council, Site Governance Team, mga samahan ng magulang, Gifted and Talented Education (GATE) lupong programa, at English Learner Advisory Committee. Ang mga magulang at kawani ay tumutulong din sa Mira Mesa School Cluster Council.

Kung nais ninyong makilahok, pakiusap na tawagan si Sara Leonard, tagapamagitan para sa mga magulang, sa (858) 566-2262, ext. 2204, o sa *sleonard@sandi.net*.

Kredensiyal at Pagpuwesto sa mga Guro

Itong tsart ay naglalahad ng bilang ng mga guro na itinakda sa paaralan na nagtataglay ng buong kredensiyal, ng mga nagtuturo ng walang buong kredensiyal, at ng mga gurong may buong kredensiyal subali't nagtuturo sa labas ng kanilang karanungang paksang-aralin. It ay naglalahad din kung ilan sa mga guro ng English learners sa paaralan ang maling naipuwesto at ang kabuuang bilang ng mga guro na maling naipuwesto. Ang kabuuan sa distrito ay hindi kabilang ang mga paaralang charter.

Bilang ng mga Guro	Paaralan			Distrito
	2007–08	2008–09	2009–10	2009–10
May buong kredensiyal at nagtuturo sa lawak ng paksang-aralin	101	103	99	5,951
May buong kredensiyal nguni't nagtuturo sa labas ng paksang-aralin	3	13	13	334
Walang buong kredensiyal	6	4	1	98
Kabuuang mga Guro	110	120	113	6,378
Mga Guro ng mga nag-aaral ng English na maling naipuwesto			0	0
Kabuuang mga guro na maling naipuwesto			0	0

Pagsulong sa Aralin

Itong tsart ay naglalahad ng napiling pananda ng pagsulong sa mga aralin sa paaralan. Ang Academic Performance Index (API) ay isang taonang sukatan ng nagagawaat pagsulong sa mga aralin sa publikong paaralan ng California. Ang mga marka sa API ay mula 200 hanggang 1,000, na ang target sa nagagawang API sa buong estado ay 800. Ang paghahanay ng API sa buong estado ay mula 1 hanggang 10. Ang detalyeng kaalaman tungkol sa API ay matutunghayan sa websayt ng CDE sa *www.cde.ca.gov/ta/ac/ap/*. Ang Adequate Yearly Progress (AYP) ay sinusukat kung gaano kahusay ang paaralan batay sa mga pamantayang hinahanap ng pamahalaang batas na No Child Left Behind.

Pananda	Kinalabasan
Ang puntos sa 2010 Growth API ng paaralang ito (buhat sa ulat na 2010 Growth API)	823
Hanay sa buong estado sa API ng paaralang ito (buhat sa ulat na 2009 Base API)	8
Natupad ba ng paaralang ito ang mga lahat ng hinahanap sa 2009–10 AYP?	Oo
Ilang kriterya ng AYP ang natupad ng paaralang ito?	6 of 6
Kalagayang pagsulong ng programa ng paaralang ito sa paaralang taong 2010–11	Wala sa PI

Kinalabasan ng mga Pamantayang Pagsusulit at Ulat sa Programa

Ang buong California Standardized Testing and Reporting (STAR) Program, ang mga mag-aaral sa baitang 2-11 ay taonang pinagsulit sa iba'tibang paksang-aralin. Kabilang sa California Standards Tests (CST) ang English language arts at mathematics (baitang 2–11), science (baitang 5, 8, at 9–11), at history–social science (baitang 8 and 9–11). Upang pangalagaan ang katauhan ng mag-aaral, ang "—" ay ginamit sa mga sumusunod na paglalahad sa halip na kabahaginan kapag ang bilang ng mga mag-aaral na pinagsulit ay 10 o mas mababa sa kategoryang iyon.

California Standards Tests (CST): English Language Arts at Mathematics

Ang kabahaginan ng mga mag-aaral na nakatupad sa antas na marunong at higit pa (nakakatupad o labis na nakakatupad sa mga pamantayang estado):

	English Language Arts									Mathematics								
	Paaralan			Distrito			Estado			Paaralan			Distrito			Estado		
Btg	07-08	08-09	09-10	07-08	08-09	09-10	07-08	08-09	09-10	07-08	08-09	09-10	07-08	08-09	09-10	07-08	08-09	09-10
9	61.2	64.9	72.8	50.1	52.3	57.2	49	50	54	34.7	44.4	50.9	18.7	22.7	25.2	26	29	30
10	50.1	55.0	67.5	40.5	44.2	47.4	41	44	45	28.9	29.0	45.4	13.0	15.6	17.4	19	22	24
11	50.3	52.7	62.3	37.7	41.7	44.8	37	40	43	23.2	31.1	39.3	12.5	14.5	17.2	17	20	22

Ang kabuuang SCHOOL ACCOUNTABILITY REPORT CARD (SARC) ay maaaring makuha sa paaralan o sa websayt ng paaralan o sa *www.sandi.net/research*. Ang buong SARC ay karaniwang halos 14 pahina kahaba at nagkakaloob ng kaalaman sa pagpasok sa paaralan, pakikilahok ng magulang at bayan, katiwasayan ng paaralan at kalagayan sa pag-aaral, ang mga gawain sa pag-aaral, laki ng silid-aralan, mga guro at kawani, kurikulum at ang pagtuturo, ang pananalapi ng paaralan. Sa karagdagan, ang SARC sa mga mataas na paaralan ay kabilang ang ulat ng mga humihintong mag-aaral at ang mga kaalaman sa paghahanda pagkatapos ng mataas na paaralan (hal., ang pagpasok sa mga kurso sa pagtupad ng mga kailangan sa University of California o ng California State University, gayundin sa mga programang Advanced Placement; ang mga kurso sa paghahanda sa pagsusulit sa kolehiyo; at ang antas ng pag-aaral kung saan inihahanda ang mga mag-aaral sa pangkabuhayan).